Republic of the Philippines
# Department of Education

04 FEB 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 13 , s. 2014

**PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR 2014**

Sa mga: Direktor ng mga Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pribadong Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 964 na may petsang Pebrero 11, 1997 iniaatas ang paggunita sa kapanganakan ni **Francisco "Balagtas" Baltazar** sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Sa taong ito, isasagawa ang palatuntunan sa pakikipagtulungan sa pamahalaang lokal sa tatlong mahahalagang pook sa buhay ni Balagtas sa Abril 2, 2014. Ang mga lugar na ito ay sa: (a) Pandacan, Maynila; (b) Balagtas, Bulacan; at (k) Orion, Bataan.

3. Ang mga palatuntunan sa tatlong lugar ay pag-aalay ng bulaklak, pagbasa o pagtatanghal ng mga piling tula ni Balagtas at sipi mula sa Florante at Laura, at balagtasan na ihahandog ng mga mag-aaral ng pampublikong paaralan at ilang organisasyong pangwika.

4. Ang paggagawad ng premyo sa nagwagi sa Talaang Ginto 2014 at paggagawad ng Gawad Balagtas 2014 ay sa pampinid na palatuntunan.

5. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Impormasyon at Publikasyon, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, 2nd Floor, Watson Bldg., 1610 JP Laurel, Malacañan Palace Complex, San Miguel, 1005 Maynila sa telepono blg.: (02) 736-2524; (02) 736-2525; (02) 736-2519; (02) 734-5547; (02) 736-3830; (02) 733-7260; (02) 516-0326 o magpadala ng mensahe sa email address: komfil.gov@gmail.com; website address: www.kwf.gov.ph.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Sanggunian:
DepEd Advisory: Blg. 91, s. 2013

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTESTS
STUDENTS
TEACHERS

Sally: 2014 araw ni balagtas - 0063-January 22, 2014